


Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN I



MODYUL 13 ANG PAGHAHANDA PARA SA PAGSASARILI

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 13

ANG PAGHAHANDA TUNGO SA KALAYAAN








Kumusta ka na sa iyong pag-aaral? Marahil ay marami ka ng natutunan tungkol sa ating bansa sa panahon ng mga Amerikano. Atin pang dadagdagan iyan tungkol sa paghahanda tungo sa kalayaan.

Marami ang naniniwala sa mga kasabihang kapag may tiyaga, may nilaga; kapag may itinanim, may aanihin; at iba pang mga kasabihan na isa lang ang ibig sabihin: Kapag pinagsikapan mo ang isang bagay, may naghihintay sa iyong tagumpay. Iyan ang tema ng modyul na ito. Tatalakayin dito ang mga ginawa ng mga pinunong Pilipino, upang makamit ang kalayaan mula sa mananakop na Amerikano. Isinulong ng mga pinunong Pilipino ang mahinahong paraan sa halip na dahas. Nagsagawa ng mga misyon para sa kalayaan dito sa Pilipinas at sa Amerika, hanggang sa magbunga ang kanilang mga pagsisikap – ang makapagtaguyod ng batas pangkalayaan at makapagtatag ng Pamahalaang Komonwelt.



May limang aralin sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Mga Patakaran at Batas Tungo sa Pagsasarili
-  Aralin 2: Ang mga Komisyon ng Pilipinas
(Komisyong Schurman at Komisyong Taft)
-  Aralin 3: Ang Asembleya Filipina
-  Aralin 4: Mga Misyong pangkalayaan
(Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie)
-  Aralin 5: Ang Saligang-Batas ng 1935 at ang Pamahalaang Komonwelt



Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Masusuri ang mga patakaran at batas na may kinalaman sa pagsasarili ng mga Pilipino;
2. Masusuri ang mga nilalaman ng batas na ginawa ng Komisyon ng Pilipinas;

3. Masusuri ang kahalagahan ng pagkakatatag ng Assemblya Filipina;
4. Maipaliliwanag ang bahaging ginampanan ng mga misyong pangkalayaan tungo sa pagsasarili;
5. Masusuri ang mga probisyon ng Batas Hare-Hawes-Cutting at Tydings-Mc Duffie tungkol sa pagsasarili at ang
6. Mabibigyang halaga ang mga pagpupunyagi ng mga Pilipino sa paghahanda sa pagsasarili bahaging ginampanan ng Saligang-Batas ng 1935;
7. Masusuri ang naging tugon ng pamahalaan sa mga suliranin sa panahon ng Komonwelt; at
8. Makapagbibigay ng pansariling reaksiyon tungkol sa mga likhang-kultura na nagpasulong sa adhikaing pagsasarili.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

PANUTO: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Bilugan ang tamang sagot.

1. Ang Batas Tydings –Mcduffie ay isa sa mga batas tungkol sa kasarinlan ng mga Pilipino na may probisyong:
 - A. Pagkilala sa mga sagisag ng Estados Unidos tulad ng bandila
 - B. Pagkontrol sa ekonomiya ng Pilipinas bilang kolonya sa loob ng 50 taon
 - C. Pagpili ng dalawang kinatawan ng bansa para sa kongreso ng Estados Unidos
 - D. Tiyak na paglaya ng Pilipinas sa loob ng 10 taon o *Transition Period*.
2. Ang pagpapadala ng mahuhusay na lider Pilipino sa Estados Unidos ay dahil sa kagustuhan ng mga Pilipino na makapagsarili. Ito ay kilala sa ating kasaysayan bilang:
 - A. Asembleya ng Pilipinas
 - B. Kasunduang Militar
 - C. Misyong Pangkalayaan
 - D. Tydings-Mcduffie Law
3. Alin sa mga sumusunod ang ipinairal ng mga Amerikano tungo sa mabuting pamamahala ng mga Pilipino?
 - A. Pagbibigay ng kalayaan sa mga Pilipino na makapamahala sa sarili
 - B. Paglawak ng mga kalakal sa pamilihan mula sa Estados Unidos
 - C. Pagpapahintulot sa mga kababaihang Pilipino upang mag-aral
 - D. Pagsunod ng mga Pilipino sa kabuhayang Amerikano
4. Alin sa mga pangungusap ang HINDI kabilang sa Nasyonalismong Pilipino?
 - A. Ang digmaang Pilipino at Amerikano ay nagpatuloy upang makalaya sa mga mananakop.
 - B. Ipinaglaban ng mga Pilipino ang kanilang mga karapatan at adhikain.
 - C. Mas hinangad ng mga Pilipino ang maunlad at mayaman ng buhay kahit walang kalayaan.
 - D. Sinikap ng mga Pilipino na makamtan ang pagsasarili laban sa mga Amerikano.

5. Ang pagbuo ng Asembleya Filipina ay isa sa paghahanda ng mga Pilipino sa kalayaan. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpakita ng kakayahan ng mga Pilipino sa pamumuno?
 - A. Paglinang ng likhang – kultural laban sa Amerikano
 - B. Pagpapaunlad ng impluwensyang Amerikano sa pamahalaan
 - C. Pagsunod ng mga Pilipino sa patakarang pang-edukasyon ng mga Amerikano
 - D. Pinagbuti ng mga Pilipino ang pamamalakad sa pamahalaan

6. Ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie ay mahalaga dahil ang mga batas na ito ang nagtadhana ng:
 - A. Pag-iral ng pamahalaang sibil kapalit ng pamahalaang militar
 - B. Pagkakaroon 10 taong transisyon sa pamamahala bago ang kalayaan
 - C. Pagpapalit ng pinunong Pilipino sa pamunuang Amerikano
 - D. Pagtatatag ng Pamahalaang Rebolusyonaryo laban sa Estados Unidos

7. Ang Saligang-Batas ng 1935 ay masuring binalangkas ng mga Pilipino dahil to ang magiging pamantayan ng Estados Unidos upang malaman kung may kakayahan na ang Pilipino sa kasarinlan. May probisyon ang ito ay tungkol sa:
 - A. Kakayahan ng mga Pilipino na maipaglaban ang Pilipinas sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt
 - B. Kasanayan ng mga Pilipino na maisulong ang sistema ng edukasyon na itinatag sa ilalim ng Komonwelt
 - C. Kwalipikasyon ng mga pinuno at sistema ng pamahalaan sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt
 - D. Pagsulong ng ekonomiya at kabuhayan ng mga Pilipino sa ilalim ng Komonwelt

8. Pinagtibay ang Saligang-Batas ng 1935 matapos ang plebisito na sinangayunan ng nakararaming Pilipino. Kasunod nito ay pinili ang mga delegado na magsasagawa nito. Ipinakita ng mga Pilipino na sila ay may:
 - A. Kalayaan sa pagsapi sa Estados Unidos bilang opisyal na teritoryo
 - B. Karapatang mahalal at maghalal ng pinuno sa pamahalaan
 - C. Karapatang makapag-aral ang bawat Pilipino
 - D. Pantay na karapatan sa pakikipagkalakalan sa mga dayuhang bansa

9. Alin sa mga sumusunod ang pinakamabuting pagbabago sa Pamahalaang Komonwelt na nasaksihan ng mga Pilipino sa larangan ng pamamahala?
 - A. Libreng pag-aaral sa pampublikong paaralan sa lahat ng babae
 - B. Malayang pagmamay-ari ng sariling negosyo at kabuhayan
 - C. Pagdami ng kaugaliang Amerikano na ginaya ng mga Pilipino
 - D. Pagkakaroon ng karapatang na makapili at maghalal ng mga pinuno

10. Ano ang pinakamahalagang likhang-kultural na nagpaunlad sa layuning kasarinlan?
 - A. Pagdami ng banyagang produkto sa lokal na pamilihan
 - B. Paggamit ng Wikang Ingles sa mga pampublikong paaralan
 - C. Pagpapamalas ng kagalingan ng mga Pilipino sa pamumuno ng pamahalaan
 - D. Pagsapi ng mga Pilipino sa Sandatahang Lakas ng Amerika

PANUTO: Basahin at unawain mong mabuti ang una at ikalawang pangungusap.

Sa patlang, isulat ang titik:

- A, kung ang parehong pangungusap ay TAMA.**
- B, kung ang parehong pangungusap ay MALI.**
- C, kung ang unang pangungusap ay TAMA, at ang ikalawang pangungusap ay MALI.**
- D, kung ang unang pangungusap ay MALI, at ang ikalawang pangungusap ay TAMA.**

11. ● Ang Saligang-Batas ng 1935 ay naging batayan sa pagtatatag ng Pamahalaang Komonwelt.
- Ang pagbuo at pagsasanay ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay ipinagbawal sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt.
- Sagot: _____
12. ● Maraming naging pagbabago sa larangan ng pulitika, lipunan at kabuhatan ng bansa noong Panahon ng Komonwelt.
- Ang Batas Hare-Hawes-Cutting-Act ang naging wakas ng mapayapang pakikibaka ng mga Muslim para sa kalayaan.
- Sagot: _____
13. ● Nag-ulat ang Komisyon Schurman na handa at may kakayahan na ang mga Pilipino na magsarili sa pamamahala.
- Ang mga Batas Cooper at Batas Jones ang nagpalawak sa pakikilahok ng mga Pilipino sa gawaing pampamahalaan.
- Sagot: _____
14. ● Si Manuel L. Quezon ang kinikilalang “ Ama ng Wikang Pambansa”.
- Ang Wikang Pambansa ay itinaguyod ni Quezon batay sa wikang Ingles.
- Sagot: _____
15. ● Ang pagtatatag ng Pamahalaang Komonwelt ay itinadhana ng Batas Jones ng 1916.
- Sina Quezon at Osmena ay kapwa kabilang sa Partido Liberal.
- Sagot: _____
16. ● Ang napagtibay na Saligang-Batas ng 1935 ay nilagdaan ng pangulo ng Estados Unidos.
- Si Manuel Quezon ang unang pangulo ng Pamahalaang Komonwelt.
- Sagot: _____

17. ● Ginamit ng mga Amerikano ang edukasyon upang matutuhang tangkilikin ng mga Pilipino ang mga produkto ng Estados Unidos.

● Nagtagumpay ang pamahagi ni Pangulong Quezon ng mga lupaing pansakahan.

Sagot: _____

18. ● Ang mga Pilipino tulad nina Miguel Malvar, Macario Sakay, Artemio Ricarte at Simeon Ola ay magkakasabay na sumuko nang nahuli si Emilio Aguinaldo.

● Ang *Benevolent Assimilation* o Makataong Pananakop ng Estados Unidos ang pinakamainam na patakaran sa Pilipinas.

Sagot: _____

19. ● Ang Saligang-Batas ng 1935 ay may probisyon sa pagkakaroon ng tatlong sangay ng Pamahalaang Komonwelt.

● Tinitiyak din ng Saligang-Batas ng 1935 ang pag-iisa ng Simbahan at Estado.

Sagot: _____

20. ● Ang mga Misyong pangkalayaan ay nagpatunay sa matinding hangarin ng mga Pilipinona magkamit ng kalayaan.

● Ang Batas sa Sediyaon, Batas sa Panunulisan at Batas sa Bandila ay nagbigay ng kalayaan sa bawat Pilipino.

Sagot: _____

ARALIN 1

MGA PATAKARAN AT BATAS TUNGO SA PAGSASARILI



Alam mo na ba ang mga patakaran at batas na ipinatupad ng Estados Unidos sa Pilipinas tungo sa pagsasarili? Sa araling ito, maliliwanagan mo kung anu-ano ang mga patakarang iyon.



Inaasahang sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay:

1. Makapagpapaliwanag ng iba't ibang patakaran at batas na ipinatupad tungo sa pagsasarili ng Pilipinas; at
2. Makapagbibigay ng puna tungkol sa mga ipinangako ni William Howard Taft sa pagpapairal ng Pamahalaang Sibil sa Pilipinas.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Bago tayo magsimula sa ating bagong aralin ay sikapin mo munang hanapin ang mga salitang Ingles na may kaugnayan sa mga patakaran at batas na ipinatupad ng Estados Unidos noong panahon ng pamahalaang sibil. Talasan ang iyong mga mata. Ang mga salitang hahanapin ay maaaring patayo, pahiga o pahalang.

Nahanap mo ba ang mga salita? Ito ay ang mga sumusunod:

- | | |
|-----------------------------------|---------------------------------|
| 1. <i>Army Appropriation Bill</i> | 6. <i>Municipal Code</i> |
| 2. <i>Benevolent Assimilation</i> | 7. <i>Philippine Commission</i> |
| 3. <i>Civil Service Law</i> | 8. <i>Provincial Code</i> |
| 4. <i>Education</i> | 9. <i>Right to Vote</i> |
| 5. <i>Jones Law</i> | 10. <i>Sanitation</i> |

P A G E F G T J Y K S A S D G G C H G E R Y K P O
 I H K L P M N G A W E R D G V S W X B H I Q E R T
 U C I V I L S E R V I C E L A W C J A E G I O U S
 Q W E L T Y U I O P A S D F G H J O K L H Z X C V
 B V N M I M Q A Z X S W E D C V F N E R T F V B G
 T Y H N M P J U I K L O P Q A W E E Z S T E R D X
 C F T Y G V P B H U I J N M K O P S Z A O X S W C
 D E V F R B G I T N H Y M J U K I L Q A V Z S W X
 B E N E V O L E N T A S S I M I L A T I O N E R F
 D I N O G R T D N E L S O N L A Z W A R T E C E S
 A R M E P R O V I N C I A L C O D E R C E A D O O
 B E N J O S E P H E P O B A R L I S O G I P D T R
 D T D R Y J K U F J T K M Q E Y G J D Y S B U R J
 R Y N U I E J Y Y S R G J M U N I P Y O N S Y R U
 M U N I C I P A L C O D E C I R U H S O H H F D A
 D F H D R A Y D F T K E H C R S Y T I E W Y S R W
 A S D G E A T F G D G G J T J D S T B F A G F E F
 Y O U S O R I I P N R D G V C Z A I N V T S G E F
 Y T E F J F Y F O H R U F V M T B V O X F T E S C
 X C G H J Y G N F N T J T J I F G D H N R H F G J
 C E S A R P A N G E T A L N D Y D V C F H R T H H
 A R M Y A P P R O P R I A T I O N B I L L Y T U J
 V G J T R S F G J T D S V L K P I U J K U Y G K H
 F Y H R T U Y T R E S C Z R D F V D G B D R E A J

Mga Patakaran at Batas na Ipinatupad sa Pilipinas Tungo sa Pagsasarili

Ang Makataong Asimilasyon o *Benevolent Assimilation* ang pangunahing layunin na ginamit ng mga Amerikano upang mapasunod at makuha ang tiwala ng mga Pilipino at mapasunod ang mga ito sa kanilang mga bagong patakaran.

Matapos mapagtibay ng Kongreso ng Estados Unidos ang Kasunduan sa Paris ay ipinag-utos ni Pangulong William McKinley ang pag-iral ng Pamahalaang Militar sa Pilipinas.

Noong Disyembre 23, 1900 ay naitatag sa Pilipinas ang Partido Federal upang payapain ang mga Pilipinong patuloy na nakikipaglaban sa mga Amerikano. Iminungkahi din na sa halip na gawing kolonya ang Pilipinas ay ituring ito bilang isang estado ng Estados Unidos.

Ipinatupad din ang Kodigo ng Munisipyo (*Municipal Code*) sa Batas Bilang 82, tungkol sa pagkakaloob ng pamamahala sa mga Pilipino mga munisipalidad. Ayon sa batas ay boboto ang mga kwalipikadong Pilipino ng Pangulo ng Pamahalaang Bayan, Pangalawang Pangulo, at mga Kagawad ng Sangguniang Pambayan. May batayan bago makaboto tulad ng mga sumusunod:

- Hindi bababa sa 23 taon ang gulang
- Naninirahan nang hindi kukulangin sa anim (6) na buwan sa bayang kanyang bobotohan
- Humawak ng tungkulin sa pamahalaan bago dumating ang mga Amerikano
- May ari-ariang nagkakahalaga ng ₱= 500.00 o kaya'y nagbabayad ng taunang buwis sa halagang ₱= 30.00
- Nakababasa, nakapagsasalita, at nakasusulat ng wikang Ingles o Kastila

Ang mga mahigpit na batayan sa pagboto ay lubhang nagpaliit sa bilang ng mga Pilipino ng kwalipikado para bumoto.

Noong Pebrero 6, 1901 ay isinaayos din ng Komisyon ng Pilipinas sa bisa ng Kodigong Panlalawigan (*Provincial Code*) ang Batas Bilang 83. Itinakda sa batas na ito na ang pamahalaang panlalawigan ay pamamahalaan ng isang lupong binubuo ng Gobernador, Ingat-yaman, at Superbisor.

Ang Kataastaasang Hukuman ay binuo rin ng Komisyon ng Pilipinas at nahirang si Cayetano Arellano bilang kauna-unahang Punong Hukom na Pilipino.

Sa pagsisikap ng mga Amerikanong makuha ang loob ng mga Pilipino ay pumayag ang Kongreso ng Estados Unidos na palitan ang Pamahalaang Militar na gawing Pamahalaang Sibil ang Pamahalaang Militar. Ito ay tinawag na Susog Spooner sa Army Appropriation Bill noong Marso, 1901 sapagkat ito ay mula kay Senador John C. Spooner. Nagtadhana ito ng kapangyarihan sa Pangulo ng Estados Unidos na magtatag ng Pamahalaang Sibil habang wala pang matibay na batas para sa pagtatatag ng bagong pamahalaan sa bansa. Nahirang na kauna-unahang Gobernador-Sibil ng Pilipinas si William Howard Taft at siya rin ang naging Tagapangulo ng Komisyon ng Pilipinas (o Tagapagbatas). Kasama rin sa kanyang Komisyon ang mga sina Trinidad H. Pardo de Tavera, Benito Legarda, at Jose Luzurriaga.

Ang Pamahalaang Sibil Sa Pamumuno Ni William Howard Taft

Ang Pamahalaang Sibil ay umiral sa Kapuluan ng Pilipinas maliban sa Mindanao, Sulu at Timog Palawan. Ilan sa mga ipinangako ni Taft sa ilalim ng Pamahalaang Sibil ay ang mga sumusunod:

1. Pagtigil ng labanan, pagsusulong ng ang kapayapaan, at pagtatatag ng Pamahalaang Lokal.
2. Pagpapalaganap ng islogan na “Ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino.”
3. Pagtatamasa ng mga karapatang sibil at pagsasanay sa malayang pamamahala sa sarili.
4. Pagpapaunlad ng edukasyon at sanitasyon sa Pilipinas.
5. Paghikayat sa mga Amerikano na magnegosyo sa Pilipinas, upang kung sumagana ang kabuhayan sa Pilipinas ay baka hindi na gustuhin ng mga

Pilipino ang pagpapalaya sa Pilipinas at gustuhin na lamang manatili sa ilalim ng Estados Unidos.

Pinagtibay din ng Komisyon ng Pilipinas ang Batas sa Serbisyo Sibil noong Setyembre 19, 1900 na nagtadhana ng pagbibigay ng pagsusulit sa sinumang nais maglingkod sa pamahalaan. Maaaring makapasa sa serbisyong publiko ang sinumang makapasa sa pagsusulit. Isang patunay ito na sinikap ng mga Amerikanong na mabigyan ng mas malawak na papel sa pamahalaan ang mga Pilipino.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

PANUTO: Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap sa HANAY A at hanapin sa HANAY B ang titik ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat ang titik sa sagutang papel.

HANAY A

1. Nakatadhana dito ang sangay ng Pamahalaan na binubuo ng mga Gobernador, Ingat-yaman, at Superbisor.
2. Pangunahing layunin na ginamit ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga at mapasunod ang mga Pilipino.
3. Nakapaloob dito ang pamamahala ng mga Pilipino na may katungkulan bilang Pangulo ng Pamahalaang Bayan, Pangalawang Pangulo, at kagawad ng Sangguniang Pambayan.
4. Nagtadhana sa kapangyarihan ng Estados Unidos na magtatag ng Pamahalaang Sibil habang wala

HANAY B

- A. Batas Jones
- B. Batas sa Serbisyo Sibil
- C. Kodigong Munisipyo
- D. Kodigong Panlalawigan
- E. Makataong Asimilasyon
- F. Pamahalaang Militar
- G. Pamahalaang Sibil
- H. Susog Spooner

pang batas para sa pag-iral ng bagong Pamahalaan sa Pilipinas.

5. Ito ang uri ng pamamahala na ipinatupad batay sa rekomendasyon ng Komisyong Schurman at kauna-unahang pinamunuan ni William Howard Taft.
6. Nagtadhana sa pagkuha ng pagsusulit sa sinumang nais na maging kawani at maglingkod sa pamahalaan.
7. Ito ang uri ng pamahalaang umiral sa mga lugar na hindi pa payapa at patuloy ang labanan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikanong sundalo.



Tandaan Mo!

- Ang Makataong Asimilasyon o *Benovelent Assimilation* ay ginamit ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino.
- Ipinatupad ng Estados Unidos ang Kodigong Munisipyo (*Municipal Code*) at Kodigong Panlalawigan (*Provincial Code*). Nabigyan din ng pagkakataon ang ilang Pilipino na maghalal ng pinuno sa pamahalaang lokal.
- Nabuo rin ang Kataastaasang Hukuman, na kaunaunahang pinamunuan ni Cayetano Arellano at ang Pamahalaang Sibil na pumalit sa pag-iral ng Pamahalaang Militar.
- Bilang Gobernador Sibil, si William Howard Taft ay nagpahayag ng mga pangako sa ilalim ng Pamahalaang Sibil sa Pilipinas tulad ng kapayapaan, kasaganaan at kalayaan sa pamamahala.
- Napagtibay din ang Batas sa Serbisyo Sibil para sa mga nais maglingkod sa pamahalaan.



Gawain 3: Paglalapat

Matapos mong malaman ang iba't ibang patakaran at batas na ipinatupad ng mga Amerikano sa Pilipinas ay gumawa ka ng talaan ng mga patakaran o batas na umiiral sa ating kasalukuyang pamahalaan na ipinairal din sa panahon ng mga Amerikano.

Halimbawa:

1. **Pagsusulit sa Serbisyong Sibil** _____.
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

ARALIN 2

ANG MGA KOMISYON NG PILIPINAS

(Komisyong Schurman at Komisyong Taft)



Ang araling ito ay tungkol sa mga pag-aaral at mungkahi ng Komisyong Schurman na ipinatupad naman ng Komisyong Taft sa Pilipinas. Tinatalakay din dito ang mga pagsisikap ng mga Pilipino na mamuno nang maayos at mabago ang kalagayan sa kanilang pamumuhay habang patuloy na nakikipaglaban ang mga bayaning Pilipino sa mga Amerikano.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong:

1. Matutukoy ang mga mungkahi ng Komisyong Schurman at ang mga isinagawa ng Komisyong Taft;
2. Maipaliliwanag ang mga dahilan sa pagpapalit ng Pamahalaang Militar tungo sa Pamahalaang Sibil; at
3. Masusuri ang mga pagbabagong naganap dulot ng Batas Pilipinas 1902 o Batas Cooper.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Bago ka tumungo sa bagong aralin, muling alalahanin ang mga Pilipinong nagtanggol sa Pilipinas laban sa mga Amerikano.

Sikapin mong ayusin ang mga titik upang mabuo ang kanilang mga pangalan. Mayroon kang mababasang mga pangungusap tungkol sa kanila upang madali mo silang makilala. Sana ay makatapos ka agad.

M	I	E	I	L	O
---	---	---	---	---	---

G	U	A	I	D	N	L	A	O
---	---	---	---	---	---	---	---	---

1. Ang Ama ng kauna-unahang Republika ng Pilipinas. Ang pagkahuli sa kanya ay naging hudyat ng pagwawakas ng ating Unang Republika.

I	E	R	G	G	R	O	O
---	---	---	---	---	---	---	---

L	P	D	I	E	A	L	R
---	---	---	---	---	---	---	---

2. Ang Bayani ng Tirad Pass at pinakabatang Heneral ng Rebolusyon.

O	N	A	I	N	O	T
---	---	---	---	---	---	---

A	L	N	O
---	---	---	---

3. Isa sa pinakamahusay na Pilipinas heneral sa panahon ng Himagsikan. Mahigpit at madisiplina sa Hukbong Pilipino.

C	T	V	E	I	N	E
---	---	---	---	---	---	---

U	K	L	N	B	A
---	---	---	---	---	---

4. Pinamunuan niya ang pagsalakay ng Hukbong Pilipino sa Samar laban sa mga Amerikano.

I	G	E	M	U	L
---	---	---	---	---	---

A	A	R	L	M	V
---	---	---	---	---	---

5. Mula sa lalawigan ng Batangas, siya ang naatasang pumalit kay Aguinaldo at nagpatuloy ng himagsikan laban sa mga Amerikano.

M	N	O	S	E	I
---	---	---	---	---	---

A	O	L
---	---	---

6. Pinuno ng Hukbong Rebolusyonaryo na nanguna sa pakikipaglaban sa Bicol.

R	E	O	A	T	M	I
---	---	---	---	---	---	---

E	R	T	C	T	R	E
---	---	---	---	---	---	---

7. Kasama ni Apolinario Mabini na ipinatapon ng mga Amerikano sa Guam noong 1901.

A	A	I	M	C	R	O
---	---	---	---	---	---	---

A	K	S	Y	A
---	---	---	---	---

8. Nagpahaba ng buhok at nagtatag ng Republikang Tagalog noong 1904. Itinalaga ang sarili bilang Pangulo, subalit nahuli at pinatay noong 1907.

B	P	O	A	L
---	---	---	---	---

M	O	A	C	P	O
---	---	---	---	---	---

E	I	O	I	N	B
---	---	---	---	---	---

G	R	L	A	E	A	D
---	---	---	---	---	---	---

9-10 Dalawang Komisyonado na ipinadala bilang Pilipinong kinatawan ng Pilipinas sa Kongreso ng Estados Unidos

Ang Komisyon ng Pilipinas

Ang Komisyon ng Schurman (Mayo 4, 1899 — Enero 31, 1900) ay pinamunuan ni Dr. Jacob G. Schurman kasama sina Almirante George Dewey, Heneral Otis, Charles Denby, at Prof. Dean C. Worcester. Ang pangunahing layunin nito ay magmasid sa kalagayang pampulitika ng Pilipinas at magmungkahi ng mga plano ng Estados Unidos para sa Pilipinas.

Mula sa mga pagsisiyasat ng Komisyon ng Schurman ay nakabuo ito ng mga sumusunod na mungkahi.

1. Ang pagsasarili ng Pilipinas ay hindi pa napapanahon.
2. Ang Pamahalaang Sibil ang maaari nang itatag sa Pilipinas kapalit ng Pamahalaang Militar.
3. Pagbuo ng Tagapagbatas bilang sangay ng pamahalaan.
4. Pagtatatag ng mga pamahalaang lokal.
5. Pagkakaloob ng mga karapatang sibil para sa lahat.

Ang ikalawang Komisyon pinadala sa Pilipinas ay ang Komisyon ng Taft (Hunyo 3, 1900—Marso 2, 1901) na pinamunuan ni William Howard Taft kasama sina Luke E. Wright, Henry C. Ide, Dean C. Worcester at Bernard Moses. Ang pangunahing layunin ng Komisyon ay isagawa ang mga hakbang na iminungkahi ng naunang Komisyon–Schurman.

Ang mga sumusunod ay naisagawa ng Komisyon ng Taft:

1. Pagtatatag ng Pamahalaang Sibil kapalit ng Pamahalaang Militar.
2. Pagtatatag ng Pamahalaang Lokal, Serbisyo Sibil, at Konstabularyo ng Pilipinas.
3. Pagganap bilang tagapagpayamapa at tagapagbatas.
4. Pagbibigay ng halagang ₱= 2 Milyon para sa paggawa ng mga tulay at daan.
5. Pagtatatag ng libreng pag-aaral sa elementarya at paggamit ng wikang Ingles sa mga paaralan.
6. Paghihiwalay sa kapangyarihan ng Simbahan at Estado.

Sa ulat ni William Howard Taft, sinabi niyang tutol ang mga Pilipino sa Pamahalaang Militar ngunit hindi sa Estados Unidos. Si Heneral Arthur MacArthur naman ay nag-ulat na ang mga Pilipino ay patuloy na nakikipaglaban sa mga

Amerikano subalit ang pahayag na ito ay hindi ipinalabas upang hindi makaapekto sa kandidatura ni Pangulong William McKinley sa pagkapangulo ng Estados Unidos.

Sa katotohanan, maraming Pilipino ang nagpatuloy sa pakikipaglaban. Ilan dito sina Hen. Miguel Malvar sa Batangas, Hen. Vicente Lukban sa Samar at si Macario Sakay na nagtatatag ng Republikang Tagalog na may sariling Saligang Batas. Si Artemio Ricarte ay tumangging manumpa ng katapatan sa Estados Unidos, kaya't ipinatapon siya kasama ni Apolinario Mabini sa Guam noong 1901. Si Simeon Ola na isa ring pinuno ng Hukbong Rebolusyonaryo, ay nanguna sa pakikipaglaban sa Bicol ngunit napilitang sumuko noong 1903.

Nang pagtibayin sa Kongreso ng Estados Unidos ang Army Appropriate Act noong Marso, 1901, nagwakas ang Pamahalaang Militar at napalitan ng Pamahalaang Sibil. Ang may akda ng susog na ito ay si Senador John C. Spooner. Nahirang naman na kauna-unahang Gobernador Sibil si William Howard Taft.

Ang Batas Ng Pilipinas 1902 O Batas Cooper

Noong 1902, itinaguyod ni Kongresista Henry Allen Cooper ang panukalang Batas na nagtatadhana sa pagpapadala ng dalawang residenteng komisyonado. Bibigyan sila ng karapatang makilahok sa mga debate o sesyon ng Mababang Kapulungan sa Kongreso ng Estados Unidos ngunit walang karapatang bumoto sa anumang isyu o batas ng Kapulungan. Ang unang dalawang komisyonadong ipinadala ay sina Pablo Ocampo at Benito Legarda bilang kinatawan ng Pilipinas.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Matapos mong pag-aralan ang tungkol sa mga Komisyong Schurman at Komisyong Taft, dapat ay handa ka na upang punan ang ating talahanayan. Sana ay makumpleto mo ito.

KOMISYON	TAON	PANGUNAHING LAYUNIN	MGA MUNGKAHI



Tandaan Mo!

- Ang Komisyong Schurman ang nagtakda ng mga hakbang upang makapagplano ang Estados Unidos sa pamamahala sa Pilipinas.
- Ang Komisyong Taft naman ang nagpatupad ng mga mungkahing hakbang ng Komisyong Schurman.
- Pinalitan ang Pamahalaang Militar ng Pamahalaang Sibil. Nagkaroon ng iba't ibang sangay at ahensyang pampamahalaan. Si William Howard Taft ang naging unang Gobernador-Sibil.



Gawain 3: Paglalapat

Matapos mong mabasa't maunawaan ang ating aralin ay siguradong handa ka na upang ipaliwanag ang patakarang sinabi ni Gobernador-Sibil William Howard Taft na "ANG PILIPINAS AY PARA SA MGA PILIPINO".

Sa iyong palagay, bakit kaya niya ito ipinahayag samantalang hawak pa rin ng mga Amerikano ang pamamahala sa Pilipinas? Magbigay ka ng limang pangungusap at isulat mo sa iyong kwaderno. Siguradong kayang-kaya mo itong sagutin.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

ARALIN 3

ANG ASEMBLEYA FILIPINA



Ang araling ito ay tungkol sa pagtatatag ng Asembleya Filipina bilang sangay ng pamahalaan sa paggawa ng batas. Tatalakayin natin ang iba't ibang batas na nabuo at ipinatupad sa bansa. Kasama ding tatalakayin ang paligsahan sa pagitan nina Quezon at Osmeña. Handa ka na ba?




Inaasahang pagkatapos ng aralin, magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maibibigay ang mahalagang batas na naisagawa ng Asembleya Filipina at ang naging pagsalungat ng mga Amerikano sa pagsisikap ng mga Pilipino na makapagsarili;
2. Maipaliliwanag ang itinadhana ng Batas Jones 1916 tungo sa pagsasarili ng Pilipinas; at
3. Mailalahad ang naging paligsahan sa pamunuan ng mga Pilipino lalo na sa pagitan nina Quezon at Osmeña.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Suriin mo ang larawan. Ipinakikita dito naging bahagi ng mga Pilipino sa kauna-unahang Asembleya Filipina noong 1907.



Ang Asembleya Filipina Noong 1907

Bilang mag-aaral, bakit kaya sinikap ng mga Pilipino na paghusayan ang pagiging kasapi ng Asembleya Filipina?

Sagot: _____

Sapat kaya ang natutunan at kakayahan ng mga pinunong Pilipino sa pamamahala?

Sagot: _____

Ang Asembleya Filipina

Ang Batas Pilipinas 1902 o Batas Cooper ay nagtakda ng probisyon tungkol sa pagtatatag ng Asembleya Filipina kaya noong Hulyo 30, 1907 ay naganap ang isang halalan ng mga kagawad ng Asembleya Filipina. Ito ay pinasinayaan noong Oktubre 16,

1907 sa Manila Grand Opera House. Nahalal si Sergio Osmeña Sr. bilang ispiker at si Manuel L. Quezon bilang Lider ng Mayorya.

Maliban sa pagkakaroon ng Asembleya Filipina, marami pang napatunayan ang mga Pilipino sa kanilang kahusayan sa pamamahala. Ilan dito ay ang pagkahirang kay Gregorio Araneta bilang Kalihim ng Pananalapi at Katarungan at kay Cayetano Arellano bilang Punong Mahistrado ng Korte Suprema. Lumawak din ang pakikibahagi ng mga Pilipino sa Pamahalaang Lokal at Serbisyo Sibil. Noong 1918, tinatayang 4% o apat na porsyento na lamang ng mga posisyon sa pamahalaan ang hawak ng mga Amerikano.

Maraming Batas na nagawa ang Asembleya. Ang Batas Gabaldon 1907 ay tungkol sa pagtatayo ng mga paaralan sa buong Pilipinas. Napagtibay din ang mga batas tungkol sa pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon. Kasama din ang batas tungkol sa sakahan tulad ng patubig at bangkong pansakahan.

Sa kabila ng pagsisikap ng mga Pilipino sa Mababang Kapulungan na patunayang may kakayahan sila sa pamamahala ay may pagsalungat din ang mga Amerikano na nasa Komisyon ng Pilipinas bilang Mataas na Kapulungan. Ilan dito ay ang pagpapawalang-bisa sa Batas Sedisyon noong 1901 na nagpaparusa sa sinumang may papahayag at masusulat ng anumang laban sa pamahalaan ng Estado Unidos. Gayon din ang Batas Panunulisan (*Brigandage Act*) noong 1902 na nagpaparusa ng pagkabilanggo o bubuo ng sandatahang pangkat upang maiwasan ang paglaban sa kapangyarihan ng Estados Unidos at mayroon ding Batas sa Bandila noong 1907 na nagbabawal sa paggamit ng anumang sagisag o bandila lalo na ang mga sagisag ng Himagsikan ngunit ito ay pinawalang bisa noong 1919. Maging ang paggamit ng wikang lokal o dayalekto sa pagtuturo ay hinadlangan ng Komisyon ng Pilipinas.

Ngunit ang mga pagsasalungatang ito ay natapos din noong 1916, nang pagtibayin ang Batas Jones na nagtatadhana sa pagkakaroon ng Senado bilang Mataas na Kapulungan na siyang papalit sa Komisyon ng Pilipinas.

Ang Batas Jones

Noong 1916, napagtibay ang batas na nagbigay ng pag-asa sa mga Pilipino sa pagkakamit ng kalayaan kung mapapatunayan nilang may kakayahan na sila sa pagsasarili. Sa pamamagitan ni Kinatawan William Atkinson Jones ng Virginia ay nilagdaan ni Pangulong Woodrow Wilson ang batas noong Agosto 29, 1916.

Ayon sa Batas Jones, kailangang masanay ang mga Pilipino sa kanilang sariling pamamahala lalo na sa paggawa ng batas. Subalit nanatiling Amerikano pa rin ang may hawak ng Sangay Tagapagpaganap at sila pa rin ang tutukoy sa kahandaan ng mga Pilipino. Samakatuwid, walang katiyakan ang kalayaan sa ilalim ng Batas Jones.

Paligsahan ng Pamunuan

Sa gitna ng pagsisikap ng mga Pilipino ay umigting din ang labanang pulitikal sa pagitan ng mga Pilipino. Noong 1916, kinilalang lider ng Partido Nacionalista si Sergio Osmeña ngunit hindi matanggap ni Quezon dahil siya ang Pangulo ng Senado o ang Mataas na Kapulungan. Nagtatag naman si Teodoro Sandico ng hiwalay na Partido Democrata Nacional, na ikinatuwa naman ng mga Progresista, kaya nagsanib ang dalawang Partido sa ilalim ng Partido Democrata na pinamunuan nina Claro M. Recto, Pio Valenzuela at Jose Alejandro. Sila ang naging oposisyon ng Partido Nacionalista.

Ngunit sinikap pa rin ng mga Pilipino lalo na nina Quezon at Osmeña na maayos ang kanilang sigalot. Sa haba ng mga tunggalian nila ay nabuo pa rin ang Consejo Supremo Nacional upang itaguyod ang kalayaan ng Pilipinas.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman


Ngayon at nabasa mo na ang tungkol sa Asembleya Filipina, Batas Jones 1916, at ang naging kumpetisyon ng mga Pilipino sa pamunuan, marahil ay handa ka na para sa pagbuo ng isang timeline.

May ilang mahalagang Batas at pangyayari sa ating talaan. Sikaping itapat ang pangyayari sa tamang taon na nakasulat sa TIMELINE sa ibaba.

TAON	MGA BATAS AT PANGYAYARI
------	-------------------------

1901	Ipinatupad ang Batas Sedisyon
1902	Ipinatupad ang Batas Panunulisan
1907	Pagtatag ng Asembleya Filipina
1907	Pinasinayaan ang Asembleya Filipina
1907	Ipinatupad ang Batas Gabaldon
1907	Ipinatupad ang Batas Bandila
1916	Ipinatupad ang Batas Jones
1918	Paglaki ng bilang ng mga kawani at pinunong Pilipino sa pamahalaan srbisyo sibil

TIME LINE



Tandaan Mo!

- Ang Batas Pilipinas 1902 o Batas Cooper ay nagtakda ng pagtatatag ng Asembleya Fipilina bilang Mababang Kapulungan na kakatawan sa mga Pilipino bilang tagapagbatas.
- Maraming batas na naipatupad ang Asembleya Filipina para sa edukasyon, pagsasaka, transportasyon at komunikasyon ngunit may pagsalungat din ang Komisyon ng Pilipinas bilang Mataas na Kapulungan laban sa pagsisikap ng mga Pilipino na makamit ang kalayaan.
- Ang Batas Jones 1916 ay nagbigay ng pag-asa sa mga Pilipino na matamo ang kalayaan sa oras na mapatunayan nila na sila ay may kasanayan at kakayahan na sa pamamahala at pagsasarili.
- Ang paligsahan sa pamunuan sa pagitan ng mga Pilipino ay umigting sa pagkakaroon ng iba't ibang partido at lider sa pangunguna nina Sergio Osmeña at Manuel Quezon. Sa dulo ay nagkasundo rin ang mga lider Pilipino upang itaguyod ang kalayaan ng Pilipinas.



Gawain 3: Paglalapat

Sikapin mong sagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Bakit kailangan ng mga Pilipino ang sariling Asembleya Filipina?

Sagot: _____

2. Sa iyong palagay, ano ang mga dahilan ng Estados Unidos sa pagsalungat nila sa Batas sa Sedisyon, Batas sa Panunulisan at Batas sa Bandila na nais ng mga Pilipino na mapawalang-bisa o mabago?

Sagot: _____

3. Anong klaseng pag-asa ang nadama ng mga Pilipino sa pagpapatupad ng Batas Jones noong 1916?

Sagot: _____

4. Nakabuti ba ang mga paligsahan ng mga lider Pilipino sa pamumuno? Sa ating bansa at kasalukuyang pamahalaan nakakabuti rin ba ang mga kumpetisyon sa pagitan ng mga partido pulitikal? Pangatwiran.

Sagot: _____

ARALIN 4

MGA MISYONG PANGKALAYAAN TUNGO SA PAGSASARILI

(BATAS NG HARE-HAWES-CUTTING AT BATAS TYDINGS MC-DUFFIE)



Ang araling ito ay tungkol sa mga Misyong pangkalayaan ng Pilipinas sa Estados Unidos. Nilalaman din nito ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie at ang mahahalagang probisyon tungkol dito.




Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa-isa ang mga Misyong pangkalayaan na pinadali ng Pilipinas sa Estados Unidos;
2. Matutukoy ang mahahalagang probisyon tungkol sa Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie tungo sa pagsasarili.
3. Masusuri ang tunggaliang namagitan sa mga lider na Pilipino tulad nina Osmeña at Quezon.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Alamin ang tamang landas tungo sa ating kalayaan sa pamamagitan ng pagtukoy sa daan tungo sa ating watawat.



Ano ang iyong naramdaman habang hinahanap mo ang landas tungo sa ating watawat. Naging madali ba o mahirap? Bakit?

Ang ating Kalayaan ay may landas din na pinagdaanan bago matamo. Halina at ating alamin ang mga misyong pangkalayaan.

Mga Misyon Pangkalayaan

Ang Batas Jones 1916 ay nagtatadhana ng kalayaan para sa Pilipinas subalit hindi nito tiniyak ang takdang taon ng pagbibigay kalayaan. Nagpadala ang Pilipinas sa Estados Unidos ng mga misyong pangkalayaan upang makatiyak na ito ay matutupad.

Nasa talahanayan ang ilan sa mga misyong pangkalayaan na ipinadala sa Estados Unidos.

TAON	PINUNO	LAYUNIN	BUNGA
1919	Manuel L. Quezon	Magbigay ng rekomendasyon sa Kongreso ng Estados Unidos upang itakda ang kalayaan ng Pilipinas.	Tinanggihan ng mga Republikano sa Kongreso at ipinagpaliban ang pagbibigay ng kalayaan.
1921	Manuel L. Quezon	Ipahayag ang pagsalungat sa ulat nina William Cameron Forbes at Leonard Wood na ipagpaliban ang pagbibigay ng kalayaan sa Pilipinas.	Nabigo.

1922	Sergio Osmeña at Manuel L. Quezon	Ipagpatuloy ang paghingi ng kalayaan.	Nabigo dahil ayon kay Pangulong Warren G. Harding ay hindi pa napapanahon.
1923	Manuel Roxas	Magbigay ng pahayag tungkol sa tunay na kalayaan at kalutasan na alitan ng mga mambabatas na Pilipino at Leonard Wood.	Tumanggi si Pangulong Calvin Coolidge at sinabing hindi makabubuti sa Pilipinas ang humiwalay sa Estados Unidos.
1924	Sergio Osmeña, Manuel L. Quezon, Claro M. Recto, Manuel Roxas	Itaguyod ang panukalang Batas ni Fairfield tungo sa kalayaan ng Pilipinas sa paniniwalang ito ay maibibigay ng Estados Unidos	Nabigo ang misyon.
1926	Sergio Osmeña	Humingi ng kalayaan.	Nabigo dahil sa kawalan ng interes ng Pamahalaang Amerikano.
1927	Manuel L. Quezon	Pabulaanan ang ulat ni Koronel Carmi Thompson tungkol sa Pilipinas	Nabigo ang misyong ito.

1930	Manuel L. quezon	Muling humiling ng kalayaan.	Nabigo ang misyon.
1931	Sergio Osmeña Manuel Roxas (OSROX)	Maghanap ng batas na titiyak sa pagbibigay ng kalayaan ng Pilipinas.	Dinala sa Pilipinas ang Batas Hare-Hawes-Cutting (Kinatawan Butler Hare, Senador Harry B. Hawes at Bronson Cutting)
1933	Manuel L. Quezon	Muling maghanap ng mas mainam na batas tungo sa kalayaan kaysa sa Batas Hare-Hawes-Cutting (Batas HHC).	Napagtibay ang Batas Tydings Mc Duffie bilang pagbibigay ng batayan sa kalayaan ng bansa.

Ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie

Sinasabing ang Batas Tydings-Mc Duffie ay halos kopya lamang ng Batas Hare-Hawes-Cutting.

Ang parehong Batas ay nagsasaad ng mga sumusunod: (1) Pagbabago ng Kumbensyong Konstitusyonal na bubuo ng Saligang-Batas para sa Pilipinas; (2) Ang nabuong Saligang-Batas ng Pilipinas ay lalagdaan ng Pangulo ng Estados Unidos; (3) pagdaraos ng isang plebisito upang maiharap at mapagtibay ng sambayanan ang Saligang-Batas; (4) Pagpapahayag ng Kalayaan ng Pilipinas matapos ang 10 taong transisyon sa pamamahala.

Ayon Kay Quezon hindi mainam ang ilang probisyon ng Batas Hare-Hawes-Cutting tulad ng: (1) Pananatili ng mga base-militar sa Pilipinas; (2) Hindi patas na kalakaran sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos at: (3) Ang mga limitasyong

nakapaloob sa pagpasok ng mga Pilipino sa Estados Unidos ay luluwagan: at (4) Pagkakaroon ng makapangyarihang Komisyonado mula sa Amerika.

Naging magkaiba ang pagtanggap nina Quezon at OSROX tungkol sa Batas Hare-Hawes-Cutting kaya nahati ang Partido Nacionalista. Ang Anti ay pinamunuan ni Quezon at ang Pro ay pinamunuan nina Osmeña at Roxas (OSROX). Dahil dito, sinikap nina Osmeña at Roxas na iharap sa isang plebesito ang Batas Hare-Hawes-Cutting subalit sinalungat ito ni Quezon sa dahilang magastos. Sa halip ay inayos niya ang Lehislatura sa pamamagitan ng pagpapalit kina Osmeña bilang Pangulong Protempore ng Senado at Roxas bilang Ispiker ng Kapulungan ng mga Kinatawan. Inilagay din niyaang mga kaalyado niya.

Sa pagtangi ng Lehislatura sa Batas Hare-Hawes-Cutting ay kinailangan ni Quezon na maghanap ng mas mabuting batas para sa pinakahihintay na kalayaan ng Pilipinas.

Pagdating ni Quezon sa Estados Unidos ay lubha siyang nahirapan sa kanyang misyong pangkalayaan dahil may mabigat na isyung pangkabuhayan sa Estados Unidos. Ngunit sa kabila noon ay nagsikap si Quezon na makakuha ng suporta mula kina Senador Millard Tydings at Kinatawan John Mc Duffie. Noong Marso 24, 1934, nilagdaan ni Pangulong Roosevelt ang Batas Tydings-Mc Duffie.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Mula sa ating talahanayan tungkol sa mga misyong pangkalayaan ay sikapin sagutan ang mga tanong sa bawat kahon.

Sikaping sumagot na hindi tumitingin sa nilalaman ng ating aralin upang malaman mo sa iyong sarili ang iyong natutuhan. Magsimula ka na.

TAON	PINUNO	LAYUNIN	BUNGA
1919			
1921			
1922			
1923			
1924			
1926			
1927			
1930			
1931			
1933			



Tandaan Mo!

- Maraming misyong pangkalayaan sa Estado Unidos at ilan sa mga nakilalang pinuno nito ay sina Manuel L. Quezon , Sergio Osmeña, Manuel Roxas, at Claro M. Recto.
- Ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie ay halos may parehong mga probisyon tungkol sa paglaya ng Pilipinas subalit tinutukoy sa Batas Hare-Hawes-Cutting ang ilang usapin tulad ng pananatili ng base militar , hindi patas na kalakaran, limitasyon sa pagpasok ng mga Pilipino sa Estados Unidos, at ang pagkakaroon ng makapangyarihang Komisyonado mula sa Amerika.
- Nagkaroon ng matinding sigalot sa pagitan ni Osmeña at Quezon dahil sa usapin ng “Pro-Hare-Hawes-Cutting Law” at “Anti-Hare-Hawes-Cutting “.



Gawain 3: Paglalapat

Sagutin sa iyong kwaderno ang mga sumusunod na katanungan.

Pag-isipang mabuti ang iyong mga kasagutan.

1. Batay sa mga misyong pangkalayaan na ipinadala ng Pilipinas sa Estados Unidos, anu-anong katangian o kaugalian lider ng mga Pilipino ang kanilang ipinakita doon?
2. Ang mga ugaling ipinakita nina Quezon at Osmeña ay nakikita pa rin ba sa kasalukuyang pulitika sa bansa? Pangatwiran.
3. Magbigay ka ng mga 2-3 epekto sa ating bayan ng mga ugaling iyong nabanggit.

ARALIN 5

ANG SALIGANG-BATAS NG 1935 AT ANG PAMAHALAANG KOMONWELT



Sa araling ito ay matutunghayan mo ang proseso o hakbang na pinagdaanan ng Pilipinas sa pagpapatibay ng Saligang-Batas ng 1935 at ang pagkakabuo ng Pamahalaang Komonwelt, sa pamumuno nina Manuel L. Quezon at Sergio Osmeña bilang Pangulo at Ikalawang Pangulo. Kasama ding tatalakayin sa araling ito ang mahahalagang naisagawa ng Pamahalaang Komonwelt tungo sa adhikaing pagsasarili.



Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng aralin:


1. Matutukoy ang mga dinaanang proseso tungo sa pagpapatibay ng Saligang-Batas ng 1935;
2. Mailalarawan ang balangkas at katangian ng Pamahalaang Komonwelt; at
3. Maibibigay ang mahahalagang naisagawa sa pagkakamit ng adhikaing pagsasarili ng mga Pilipino.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Alamin ang tamang proseso na ginawa ng mga Pilipino tungo sa paggawa ng Saligang-Batas ng 1935. Isulat sa bawat kahong may tandang pananong ang wastong hakbang. Pumili sa listahang ito:

Pagbuo ng mga delegado sa Saligang-Batas ng 1935
Pagdaraos ng plebisito upang mapagtibay ang Saligang-Batas
Paghalal sa mga delegado ng Kumbensyong Konstitusyonal na gagawa ng Saligang-Batas ng 1935
Pagpapatibay at pagpapa-iral ng Saligang-Batas ng 1935 bilang batayan sa Pamahalaang Komonwelt
Pagpirma ng Pangulo ng Estados Unidos sa Saligang-Batas ng 1935



Nang mapagtibay ng Lehislatura ng Pilipinas ang Batas Tydings-Mc Duffie, kaagad itinatag ang Kumbensyong Konstitusyonal noong Hulyo 10, 1934. Naganap ang halalan para sa dalawandaan at dalawang (202) delegado. Napili na Pangulo ng Kumbensyong Konstitusyonal si Claro M. Recto.

Ang mga nilalaman ng Saligang-Batas ng 1935 ay halos mula sa Saligang-Batas ng Estados Unidos maliban sa pagkakaroon ng isang Kapulungan sa Lehislatura (*Unicameral National Assembly*). Sinikap ng mga Pilipino na makabuo ng Saligang-Batas na katanggap-tanggap sa Pangulo ng Estados Unidos dahil ito ay isang proseso na dapat mangyari upang makalaya ang Pilipinas. Pinagbatayan din ang mga Saligang-Batas ng Biak-na-Bato at Malolos, ang mga nagawa ng Komisyong Schurman at Taft, ang Batas Jones, at iba pang batas na nabuo ng mga Pilipino.

Karamihan sa kasapi ng Kumbensyong Konstitusyonal ay mga nag-aral bilang pensionados sa Estados Unidos at nagnais na makaranas ng pagsasarili sa pamahalaan. Noong Marso 8, 1935 natapos ang Saligang-Batas ng 1935. Pinirmahan ito ni Pangulong Franklin Delano Roosevelt noong Marso 23, 1935, at napagtibay sa pamamagitan ng plebisito noong Mayo 14, 1935.

Natapos ang mahaba at matiyagang paghihintay ng mga Pilipino at sa kaunahang pagkakataon ay nakapaghalal ang sambayanang Pilipino ng Pangulo at Ikalawang Pangulo para sa Pamahalaang Komonwelt.

Ang Pamahalaang Komonwelt

Noong Nobyembre 15, 1935, pinasinayaan ang Pamahalaang Komonwelt sa Gusali ng Lehislatura. Sa harap ng halos kalahating milyong Pilipino na nagtipon sa Sunken Garden sa Maynila ay nanumpa bilang Pangulo si Manuel L. Quezon at si Sergio Osmeña, bilang Pangalawang Pangulo. Silang dalawa ang nagwagi sa naganap na halalan laban kina Emilio Aguinaldo (pinuno ng Himagsikan at Unang Pangulo ng Republika ng Pilipinas), Gregorio Aglipay (nagtatag ng Iglesia Filipina Independiente), at Pascual Racuyal (nagtatag ng National Medical Hospital sa Mandaluyong). Tinuligsa

ng ilan ang muling pagsasanib o koalisyon nina Quezon at Osmeña, subalit tulad ng inaasahan ay nagwagi ang dalawa sa halalan noong Setyembre 17, 1935. Naging hudyat ito sa pagsasarili ng mga Pilipino tungo sa kalayaan.

Mga Naisagawa ng Pamahalaang Komonwelt Tungo sa Adhikaing Pagsasarili

Anu-ano ang mga tagumpay ng mga Pilipino sa panahon ng Komonwelt? Isa-isahin natin:

Ekonomiya

1. Itinatag ang Sanggunian ng Pambansang Kabuhayan upang tumugon sa suliraning pangkabuhayan.
2. Lumaganap ang industriya ng pagmimina, tela, tabako, langis ng niyog, bigas at mais na pinangasiwaan ng National Rice and Corn Corporation.
3. Napabuti rin ang suplay ng kuryente at tubig.

Lipunan

1. Pagbibigay ng sapat na sahod sa mga manggagawa, pagtatakda sa 8 oras na paggawa, at pagbuo ng hukumang lilitis sa pang-aabuso sa mga manggagawa.
2. Pagbabahagi ng lupain sa mga magsasaka ngunit hindi nagtagumpay ang programa dahil sa mga hacienderong tumulong kay Quezon sa halalan.
3. Itinaguyod ang Kagandahang Asal o *Code of Ethics* ni Pangulong Quezon.

Pulitika

1. Paghihiwalay ng Simbahan at Estado.
2. Pagkakaroon ng mga sangay, kagawaran at ahensya ng pamahalaan na tumitiyak sa maayos na serbisyong publiko tulad ng pananalapi, katarungan, pangangalakal, paggawa, at edukasyon.
3. Pagpapatatag ng sistemang prudensyal at demokrasya.

Relihiyon

1. Pagdating ng Protestantismo o ang pagiging malaya sa pagpili ng relihiyon.
2. Pagpapatuloy ng Katolisismo sa bansa.

Kultura

1. Malawak ang impluwensyang naiwan ng mga Amerikano sa ating sining sa sayaw tulad ng mga sayaw na rhumba, jazz, samba, at polka.
2. Kundiman at banyagang musika sa mga komposisyon nina Nicanor Abelardo at Felipe Buencamino.
3. Mga pinta nina Fernando Amorsolo at Fabian Dela Rosa. Tungkol sa pamumuhay sa nayon.
4. Nakilala si Guillermo Tolentino sa larangan ng iskultura.
5. Sa larangan ng arkitektura ay naging bantog sina Juan Napkil at Juan Arellano.
6. Sa panitikan ay nakilala sina Lope K. Santos, Severino Reyes, at Rafael Palma. Dumami rin ang mga manunulat dahil sa kalayaang tinatamasa ng mga Pilipino. Dumami ang mga pahayagan at magasin.
7. Pagkahilig natin sa mga artistang mula sa Hollywood.

Libangan

1. Larong baseball, football, bowling, volleyball, bilyar.
2. Pagsikat ng kinagigiliwan ng maraming Pilipino basketball.

Edukasyon

1. Tumaas ang karunungan (*literacy*) sa pamamagitan ng malawakang edukasyon sa elementarya, *adult education*, bokasyonal, at paghihikayat sa mga pribadong paaralan.
2. Paggamit ng wikang Ingles sa paaralan at pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Pampulitika

1. Kauna-unahang pagkakataon na nakaboto ang mga babae na dating gawain ng mga lalaki lamang.
2. Noong Disyembre 14, 1937 ay nahalal na unang Konsehal ng Maynila si Carmen Planas, at si Elisa Ochoa naman bilang kinatawan sa Mababang Kapulungan.

Tanggulang Pambansa

1. Sa pamamagitan ng Batas Komonwelt Blg. 1 ay itinadhana na ang mga mamamayang may gulang 21 pataas na nasa maayos na kondisyon ang pangangatawan ay dapat maglingkod sa Tanggulang Pambansa.
2. Ginawang Tagapayong Militar si Gen. Douglas McArthur upang bumuo at magsanay ng mga sundalong Pilipino (Ang paghahanda ay nagamit sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig).
3. Binatikos ang malaking pasahod kay Gen. Douglas Mc Arthur na nakatira pa sa Manila Hotel.


Wikang Pambansa

1. Naitatag ang Surian ng Wikang Pambansa noong Nobyembre 13, 1936 sa pamamagitan ng Batas Blg. 184 na nagsasagawa ng pag-aaral tungkol sa Pambansang Wika. Dahil dito itinuring na “Ama ng Wikang Pambansa” si Pangulong Quezon at nagdiriwang tayo ng Araw ng Wika tuwing Agosto. (Ngayon ay Buwan ng Wika.)
2. Naging batayan ang Tagalog sa pagbuo ng Pilipino bilang Wikang Pambansa noong Hulyo 4, 1946 ayon sa Batas Blg. 570.

Transportasyon at Komunikasyon

1. Lumaganap ang paggamit ng tren, mga sasakyang pandagat, panlupa at panghimpapawid.
2. Mayroon na ring telepono, radyo at pinalaganap ang sistema ng koreo.

Totoong malawak at maraming nagawa ang Pamahalaang Komonwelt , subalit naiwan din ito ng malalim na tatak sa ating kaisipan na kung tawagin ay *Colonial Mentality* o ang pagkahilig natin sa mga dayuhang produkto lalo na iyong *Stateside*.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Suriin mo ang mga larawan sa naganap ng Inagurasyon ng Pamahalaang Komonwelt noong Nobyembre 15, 1935.

Ang Inagurasyon ng Pamahalaang Komonwelt

Bakit mahalaga sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng Pamahalaang Komonwelt?

Magbigay ng tatlong (3) dahilan:

1. _____
2. _____
3. _____



Tandaan Mo!

● Ang prosesong pinagdaanan sa paggawa ng Saligang-Batas ng 1935 ay ang mga sumusunod:

1. Paghalal sa mga delegado ng Kumbensyong Konstitusyonal na gagawa ng Saligang-Batas ng 1935
2. Pagsulat at pagbuo ng mga delegado Saligang-Batas
3. Pagdaraos ng plebisito upang mapagtibay ang Saligang-Batas
4. Pagpapatibay at pag-iral ng Saligang-Batas ng 1935 bilang batayan sa Pamahalaang Komonwelt
5. Pagpirma ng Pangulo ng Estados Unidos sa Saligang-Batas ng 1935

● Pinasinayaan noong Nobyembre 15, 1935 ang Pamahalaang Komonwelt sa pamumuno nina Manuel L. Quezon at Sergio Osmeña bilang Pangulo at Pangalawang Pangulo ng Pilipinas.

● Maraming naisagawa ang Pamahalaang Komonwelt sa larangan ng ekonomiya, lipunan, pulitika, relihiyon, kultura, libangan, edukasyon, tanggulang pambansa, wikang pambansa, transportasyon at komunikasyon.

● Lumaganap din ang kaisipang dayuhan o *Colonial Mentality* o ang pagkahilig natin sa mga dayuhang produkto.



Gawain 3: Paglalapat

Ngayon ay alam mo na ang tungkol sa Saligang-Batas ng 1935 at ng Pamahalaang Komonwelt. Sa iyong palagay, bilang mag-aaral ng ating kasaysayan, bakit kaya ipinahayag ni Quezon ang mga katagang: “Mas nanaisin ko pa ang pamahalaang malaimpiyerno na pinalalakad ng mga Pilipino, kaysa malalangit na pamahalaang pinalalakad ng mga Amerikano”.



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

- ⊕ Ipinatupad ng Estados Unidos ang *Benevolent Assimilation*, Kodigong Munisipyo, Kodigong Panlalawigan, Kataastaasang Hukuman, Pamahalaang-Sibil at ang sistema ng Serbisyo Sibil.
- ⊕ Kauna-unahang namuno si Cayetano Arellano sa Kataastaasang Hukuman at si William Howard Taft ang naging unang Gobernador-Sibil. Nabigyan din ng pagkakakataon ang mga Pilipino na mamuno sa pamahalaan.
- ⊕ Ipinadala sa Pilipinas ang Komisyong Schurman upang magsiyasat at magbigay ng mga mungkahi sa Estados Unidos tungkol sa Pilipinas. Sumunod ang Komisyong Taft na nagsagawa ng iba't ibang proyekto sa bansa.
- ⊕ Umiral sa Pilipinas ang Pamahalaang Sibil kapalit ng Pamahalaang Militar.
- ⊕ Maraming batas ang ipinatupad sa Pilipinas para sa kalayaan ng bansa tulad ng Batas Cooper 1902, Batas Jones 1916, Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie.
- ⊕ Nagpatupad din ng mga programa para sa pagsasaka, transportasyon, komunikasyon, at edukasyon.
- ⊕ Nagkaroon ng paligsahan sa pagitan ni Manuel Quezon at Sergio Osmeña tungkol sa mga batas pangkalayaan. Kasama din sa nagtaguyod ng ating kalayaan ay sina Manuel Roxas at Claro M. Recto
- ⊕ Ang Batas Tydings-Mc Duffie ang naging batayan ng Saligang-Batas ng 1935. Nagkaroon ng halalan sa mga matataas na pinuno ng bansa at nanalo sina Quezon at Osmeña bilang Pangulo at Pangalawang Pangulo ng Pamahalaang Komonwelt.
- ⊕ Sa pagdami ng mga impluwensyang Amerikano sa bansa ay lumaganap ang *Colonial Mentality* at iba pang ugaling kanluranin.



PANGHULING PAGSUSULIT

PANUTO: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang katumbas ng tamang titik.

1. Maraming patakaran at batas ang Amerika para sa pagsasarili ng Pilipinas, subalit tanging ang Batas Tydings-McDuffie ang nagbigay ng probisyon tungkol sa:
 - A. Paghirang ng kinatawang Pilipino sa Kongreso ng Estados Unidos
 - B. Paglaganap ng kulturang Amerikano sa kabuhayan ng mga Pilipino
 - C. Takdang kalayaan ng Pilipinas sa loob ng sampung taon
 - D. Wastong pamamaraan ng paggamit ng salapi ng bayan

2. Ang pagsisikap ng mga Pilipino na makamit ang kalayaan sa kamay ng mga Amerikano ay ipinakita sa pamamagitan ng pagpapadala ng mahuhusay na Pilipino sa Estados Unidos na tinaguriang:
 - A. Kasunduang Pangkapayapaan
 - B. Kasunduang Pang-militar
 - C. Misyong Pangkalayaan
 - D. Pamahalaang Komonwelt

3. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa patakarang pampulitika na ipinatupad ng Estados Unidos sa Pilipinas tungo sa pamamahalang nagsasarili?
 - A. Pagdami ng mga dayuhang produkto sa pamilihan ng bansa
 - B. Pagiging masunurin ng mga Pilipino sa kagustuhan ng mga Amerikano
 - C. Pagkakaloob ng kasanayan sa mga Pilipino na mamuno sa pamahalaan
 - D. Pinayagang makapag-aral ang mga babae sa paaralan tulad ng mga lalaki

4. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tungkol sa mga pangyayaring sumupil sa Nasyonalismong Pilipino, MALIBAN sa isa:
 - A. Nagpatuloy ang paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Amerikano.
 - B. Nagsikap ang mga Pilipino na matamo ang kalayaan sa kamay ng mga dayuhan.
 - C. Nais ng mga Pilipino ang kasaganaan at kaunlaran sa buhay kahit walang kalayaan.
 - D. Nakipaglaban ang mga Pilipino para sa karapatan at kalayaang mabuhay.

5. Ang pagkakatatag ng Asembleya ng Pilipinas ay isa sa mga pagsasanay ng mga Pilipino tungo sa pagsasarili. Alin sa mga sumusunod ang pinatunayan ng mga Pilipino upang maipakita ang kanilang kakayahan?
 - A. Naging maunlad ang kaugaliang Amerikano sa pamumuhay ng mga Pilipino.
 - B. Pinaghusay ng mga Pilipino ang panunungkulan sa pamahalaan.
 - C. Pinaunlad ng mga Pilipino ang ekonomiya ng Pilipinas.
 - D. Tinanggap ng mga Pilipino ang sistema ng edukasyong Amerikano.

6. Itinuring na mahalaga ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie dahil sa kauna-unahang pagkakataon ay may batas na nagtatadhana ng:
- A. Pamahalaang Komonwelt na may sampung taong paghahanda ng mga Pilipino
 - B. Pamahalaang Militar na magpapanatili ng katahimikan at kaayusan
 - C. Rebolusyonaryong Pamahalaan sa panahon ng himagsikan laban sa dayuhan
 - D. Tau-tauhang Pamahalaan na mga dayuhan ang nasusunod
7. Ang Saligang-Batas ng 1935 ay maingat na inihanda ng mga Pilipino upang maging batayan ng Amerika sa kakayahan ng mga Pilipino tungo sa pagsasarili, samakatuwid may mga probisyon sa Saligang-Batas ng 1935 para sa:
- A. Kakayahan ng mga Pilipino na maipagtanggol ang teritoryong sakop ng Pilipinas sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt
 - B. Kalagayan ng ekonomiya na ikinabubuhay ng mga Pilipino sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt
 - C. Katangian ng mga pinuno at uri ng pamahalaang iiral sa Pilipinas sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt
 - D. Kahusayan ng mga Pilipino na mapaunlad ang sistema ng edukasyon na itinuro sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt
8. Ang Saligang-Batas ng 1935 ay napagtibay sa pamamagitan ng plebisito na sinang-ayunan ng nakararaming Pilipino, kaugnay nito ay tiniyak din ang malayang pagpili sa mga kakatawan na magsasagawa ng mga probisyong nasa Saligang-Batas ng 1935. Samakatuwid kailangan ang:
- A. Pagkakaloob ng karapatang makapag-aral at makapagtrabaho ang bawat Pilipino
 - B. Pagkilala sa karapatan ng mamamayan na makaboto at maiboto sa halalan
 - C. Pagkontrol sa resulta at kwalipikasyon ng nagnanais maglingkod sa pamahalaan
 - D. Pagtataguyod sa Pilipinas bilang opisyal na Estado at kasapi ng Estados Unidos
9. Alin sa mga sumusunod ang pinakamabuting pagbabago sa panahon ng Komonwelt na naranasan ng mga Pilipino sa larangan ng pulitika?
- A. Pag-aaral ng libre sa mga pampublikong paaralan
 - B. Pagbibigay ng karapatan na makapili at makaboto ng mga pinuno
 - C. Pagiging kawani sa mga tanggapan ng pamahalaan
 - D. Pagmamay-ari ng sariling negosyo at kabuhayan
10. Ano ang pinakamahalagang likhang-kultural na nagpasulong sa adhikaing pagsasarili ng Pilipinas?
- A. Dumami ang mga dayuhang produkto sa mga pamilihan
 - B. Paggamit ng wikang Ingles sa mga pampublikong paaralan
 - C. Pagpapakita ng kahusayan ng mga Pilipino sa pamumuno sa pamahalaan
 - D. Sumapi ang mga Pilipino sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos


- II. Basahin at unawaing mabuti ang una at ikalawang pangungusap. Isulat ang titik:
- A, kung ang parehong pangungusap ay TAMA
 - B, kung ang parehong pangungusap ay MALI
 - C, kung ang unang pangungusap ay TAMA, at ang ikalawang pangungusap ay MALI
 - D, kung ang unang pangungusap ay MALI, at ang ikalawang pangungusap ay TAMA

11. ● Ang Pamahalaang Komonwelt ay naitatag ayon sa Saligang-Batas .
- Itinatadhana ng Saligang-Batas ang pagbubunyag sa Hukbong Sandatahang Lakas ng Pilipinas para sa Pamahalaang Komonwelt.
- Sagot: _____

12. ● Ang Estados Unidos ay nakipagkasundo sa mga kapatid nating Muslim sa pamamagitan ng Batas Hare-Hawes-Cutting.
- Nabigyan ng pagkakataon ang mga Pilipino sa sariling pamamahala at pag-aaral noong panahon ng Amerikano sa bansa.
- Sagot: _____

13. ● Ang kakayahang magsarili ay ipinakita ng mga Pilipino sa pagkakaroon ng Asembleya Filipina.
- Ang Komisyong Schurman ang naging batayan sa pagkakaroon ng Asembleya Filipina.
- Sagot: _____

14. ● Itinaguyod ni Manuel L. Quezon ang pagkakaroon ng isang pambansang wika sa Pilipinas.
- Ang wikang Ingles ang tanging pambansang wika kapalit ng mga katutubong wika at Espanyol.
- Sagot: _____

15. ● Ang Batas Jones ay tumiyak sa kalayaan ng Pilipinas na natupad noong Hulyo 4, 1946.
- Ang nagwagi sa pagkapangulo at Pangalawang Pangulo ng Pamahalaang Komonwelt ay ang tambalang Osmeña-Roxas (OS-ROX).
- Sagot: _____
16. ● Ang pagpaslang kay Emilio Aguinaldo ay naging sanhi ng muling paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Amerikano.
- Ang tambalang Quezon-Osmeña sa halalan noong 1935 ay naging atagumpay.
- Sagot: _____
17. ● inagbawal ng pamahalaang Komonwelt ang pagpasok ng mga dayuhang produkto mula sa Estados Unidos upang mapalaganap ang *Filipinization Policy*.
- Ang *Colonial Mentality* ay kaisipang banyaga na itinuro ng mga Pilipino sa mga dayuhang mananakop sa bansa.
- Sagot: _____
-  ● Ang Saligang-Batas ng 1935 ay may pangunahing probisyon tungkol sa pagkakaroon ng tatlong sangay ng pamahalaan at paghihiwalay ng Simbahan at Estado.
- Ang Saligang-Batas ng 1935 ay maingat na inihanda ng mga Pilipino upang maging batayan ng Amerika sa pagbibigay ng kalayaan.
- Sagot: _____
19. ● Ang pagbuo ng mga partido pulitikal tulad ng Nacionalista at Democrata ay isang patunay sa kakayahang mamahala ng mga Pilipino.
- Ang pangkat nina Quezon at Osmeña ay nagsanib upang itaguyod ang Batas Tydings-Mc Duffie.
- Sagot: _____

20. ● Ang Batas Jone 1916 ang nagtadhana sa pagkakatatag ng Pamahalaang Komonwelt.
- Ang Pilipinisasyon sa iba't ibang sangay ng pamahalaan ay ipinatigil ng mga Amerikano dahil dumarami ang mga kawani sa pamahalaan.

Sagot: _____

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

MGA TAMANG SAGOT

1. D
2. E
3. C
4. H
5. G
6. B
7. F

Gawain 3: Paglalapat

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Pagsusulit sa Serbisyo Sibil
2. Kodigong Munisipyo
3. Kodigong Panlalawigan
4. Kataastaasang Hukuman
5. Mga patakaran sa kalusugan at sanitasyon
6. Paggamit ng Wikang Ingles sa mga paaralan
7. Karapatang bumoto
8. Paghikayat sa mga negosyanteng Amerikano na magnegosyo sa Pilipinas.
9. Pausulong ng kapayapaan at tigil putukan
10. Pagtatamasa ng mga karapatang sibil

ARALIN 2 Ang mga Komisyon ng Pilipinas (Komisyong Schurman at Komisyong Taft)

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ganito ang dapat na sagot:

1. Emilio Aguinaldo
2. Gregorio Del Pilar
3. Antonio Luna
4. Vicente Lukban
5. Miguel Malvar
6. Artemio Ricarte
7. Simeon Ola
8. Macario Sakay
9. Pablo Ocampo
10. Benito Legarda

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ganito ba ang iyong mg sagot?

KOMISYON	TAON	PANGUNAHING LAYUNIN	MGA MUNGKAHI
Jacob Schurman	May 4, 1899- Enero 31, 1900	Magmasid sa kalagayang pampulitika ng Pilipinas at magmungkahi sa Estados Unidos ng mga plano para sa Pilipinas	<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pagsasarili ng Pilipinas ay hindi pa napapanahon 2. Ang Pamahalaang Sibil ang dapat itatag sa Pilipinas kapalit ng Pamahalaang Militar 3. Pagbuo ng Tagapagbatas bilang sangay ng pamahalaan 4. Pagtatatag ng Pamahalaang Lokal 5. Pagkakaloob ng mga karapatang sibil para sa lahat
William Howard Taft	Hunyo 3, 1900-Marso 2, 1901	Isagawa ang mungkahi ng Komisyong Schurman	<p>Mga Isinagawa:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pagtatatag ng Pamahalaang Sibil kapalit ng Pamahalaang Militar na may Pamahalaang Lokal, Serbisyo Sibil at Konstabularyo ng Pilipinas 2. Pagganap bilang tagapagpamayapa at tagapagbatas 3. Pagbibigay ng halagang =P= 2 Milyon para sa mga tulay at daan 4. Pagtatatag ng libreng pag-aaral sa elementarya, paggamit ng Ingles sa paaralan 5. Paghihiwalay sa kapangyarihan ng Simbahan at Estado

Gawain 3: Paglalapat

Ganito ba ang sagot mo?

1. Ang mga Pilipino ay may kaalaman at kakayahang pamahalaan ang kanilang bayan. Bago pa man dumating ang mga Kastila at mga Amerikano, maunlad na ang kabuhayan at pamahalaan ng ating mga ninuno.
2. Ang Pilipinas ay para sa Pilipino dahil dito ang mga Pilipino at ito ay kanilang sariling bansa. Nararapat lamang na sila ang mamahala.
3. Sinabi ni Gob. Taft ang kanyang pahayag na ihahanda ang mga Pilipino sa pamamahala ng sarili nilang bayan subalit sa katunayan, mayroon nang control ang mga Amerikano sa mga negosyo, likas na yaman, at pag-iisip ng mga tao.
4. kahit na magkamali sa pamamahala ang mga lider na Pilipino, mas mainam iyon kaysa maging tagasunod lamang ng ibang lahi.
5. Ang kakayahan sa pamumuno ay naipakita na ng ating mga ninunong raha, datu, at mga rebolusyonaryo at repormista at maging ng mga kababaihan gaya nina Prinsesa Urduja, Gabriela Silang at iba pa, na pawing naghangad ng kagalingang panlahat sa bansa.

ARALIN 3 Ang Asembleya Filipina

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Tanong: Bilang mag-aaral, bakit kaya sinikap ng mga Pilipino na paghusayan ang pagiging kasapi ng Asembleya Filipina?

Sagot: Sinikap ng mga Pilipino na paghusayan ang pagiging kasapi ng Asembleya Filipina upang mapatunayan sa mga Amerikano na may kakayahan tayong gumawa ng sariling batas at mamahala sa bansa.


Tanong: Sapat kaya ang kaalaman at kakayahan ng mga pinunong Pilipino sa pamamahala?

Sagot: Sapat ang mga natutuhan at kakayahan ng mga Pilipino sa pamamahala dahil marunong na sila gumawa ng batas at mamahala sa sarili.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

TAON	MGA BATAS AT PANGYAYARI
1901	Ipinatupad ang Batas Sedisyon
1902	Ipinatupad ang Batas Panunulisan
1907	Pagtatag ng Asembleya Filipina
1907	Pinasinayaan ang Asembleya Filipina
1907	Ipinatupad ang Batas Gabaldon
1907	Ipinatupad ang Batas Bandila
1916	Ipinatupad ang Batas Jones
1918	Paglaki ng bilang ng mga kawani at pinunong Pilipino sa pamahalaan

TIME LINE



Gawain 3: Paglalapat

Mga Mungkahing Sagot:


1. Upang maitaguyod ang mga hangaring pang kasarinlan.
2. Nais pa rin ng mga Amerikano na magkaroon ng kontrol sa mga batas upang hindi magtagumpay ang himagsikan.
3. Nabuhay ang pag-asa nilang mamuno sa sariling pamahalaan gawa ng mga probisyon ng Batas Jones.
4. May mabuting naiidudulot ang kompetisyon sa mga pamahalaan gaya ng pagpapaligsahan sa mga proyektong panglipunan. Subalit dahil sa kompetisyon nakikita sa ngayon na sila ay palaging nagsisiraan at hindi nakakakilos ng sama-sama para sa kaunlaran ng bansa.

ARALIN 4 MGA MISYONG PANGKALAYAAN

(BATAS HARE-HAWES-CUTTING AT BATAS TYDINGS-MC DUFFIE)

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ito ang tamang landas papunta sa watawat.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ganito ang dapat na nilalaman ng iyong tsart na ginawa:

TAON	PINUNO	LAYUNIN	BUNGA
1919	Manuel L. Quezon	Nagbigay ng rekomendasyon sa Kongreso ng Estados Unidos upang itakda ang Kalayaan ng Pilipinas	Tinanggihan ng mga Republikano sa Kongreso at ipinagpaliban ang pagbibigay ng Kalayaan
1921	Manuel L. Quezon	Ipahahayag ng mga Pilipino ang pagsalungat sa ulat nina William Cameron Forbes at Leonard Wood na ipinagpaliban ang pagbibigay ng Kalayaan sa Pilipinas	Nabigo
1922	Sergio Osmeña Manuel L. Quezon	Ipagpatuloy ang paghingi ng Kalayaan	Nabigo dahil ayon kay Pangulong Warren G. Harding na hindi pa napapanahon
1923	Manuel Roxas	Magbigay ng pahayag tungkol sa tunay ng kalayaan ang kalutasan sa alitan ng mga	Tumanggi si Pangulong Calvin Coolidge at sinabing hindi makabubuti sa Pilipinas ang

		mambabatas na Pilipino at Leonard Wood	paghiwalay sa Estados Unidos
1924	Sergio Osmeña Manuel L. Quezon Claro M. Recto Manuel Roxas	Itaguyod ang panukalang Batas ni Fairfield tungo sa Kalayaan ng Pilipinas sa paniniwalang ito ay maibibigay ng Estados Unidos	Nabigo ang Misyon
1926	Sergio Osmeña	Humingi ng Kalayaan	Nabigo dahil sa kawalan ng interes ng Pamahalaang Amerikano
1927	Manuel L. Quezon	Pabulaanan ang ulat ni Koronel Carmi Thompson tungkol sa Pilipinas	Nabigo ang misyong ito
1930	Manuel L. Quezon	Muling humingi ng Kalayaan	Nabigo ang misyon
1931	Sergio Osmeña Manuel Roxas (OSROX)	Maghanap ng batas na titiyak sa Kalayaan ng Pilipinas	Dinala sa Pilipinas ang Batas Hare-Hawes-Cutting (kinatawan Butler Hare, Senador Harry B. Hawes at Bronson Cutting)

1933	Manuel L. Quezon	Muling maghanap ng mas mainam na Batas tungo sa kalayaan kaysa sa Batas Hare-Hawes-Cutting (Batas HHC)	Napagtibay ang Batas Tydings Mc Duffie batayan sa Kalayaan ng bansa.
------	------------------	--	--

Gawain 3: Paglalapat


Mga sagot sa tanong.

1. Ang mga katangian at kaugalian nina Quezon, Osmeña at ng mga lider na Pilipino sa Estados Unidos ay katalinuhan, pagiging magalang, kahusayan sa pakikisalamuha sa mga Europeo at Amerikano, kahusayan sa wikang Ingles, kahusayn sa komunikasyon, paggawa ng batas, at pagmamahal sa kalayaan.
2. Oo, sa kasalukuyan, an gating mga lider sa pamahalaan ay kasintalino, at kasinghusay sa pakikisalamuha, sa komunikasyon, sa pambabatas, at sa pulitika kahit nasaan mang bansa.
3. Mga epekto ng mga ugaling nabanggit sa 1 at 2: Madaling makipag-ugnayan ang Pilipino sa iba't ibang bansa sa buong daigdig. Kinikilala ang mga Pilipino sa talino, kahusayan sa pagsasalita ng wikang Ingles, at sa kahusayan sa komunikasyon at sa pag-aaral.

ARALIN 5 Ang Saligang-Batas ng 1935 at ang Pamahalaang Komonwelt

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Nasa ibaba ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga naganap sa pagkakatatag ng Pamahalaang Komonwelt.



Gawain 2: Pagpapalawak ng Kaalaman

Sagot sa tanong na:

Bakit mahalaga sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng Pamahalaang Komonwelt? Magbigay ng tatlong (3) dahilan:

1. Kauna-unahang pagkakataon ng pamamahala bilang nagsasariling bansa.
2. Simula ito ng inaasam na kalayaan sa pagsapit ng 1946 matapos ang 10 tao ng transisyon sa pamamahala.
3. Layunin magkaroon ng mas mabuting kabuhayan para sa mga Pilipino.

Gawain 3: Paglalapat

Mungkahing Sagot:

Para kay Pangulong Quezon, kahit hindi bihasa ang mga Pilipino at maaaring magkamali sa mga pamamaraan nila, higit pa ring mabuti ito kaysa mga dayuhan at mananakop na magaling sa pamamahala. Kung kapwa Pilipino ang nagpapatakbo ng pamahalaan, mas mabubuo ang pambansang diwa ng pagkakaisa at pagkamakabayan.

Pangwakas na Pagsusulit

- | | | | |
|------|------|------|------|
| 1. C | 6. A | 11.C | 16.D |
| 2. C | 7. C | 12.D | 17.B |
| 3. C | 8. B | 13.C | 18.C |
| 4. C | 9. B | 14.C | 19.C |
| 5. B | 10.C | 15.B | 20.B |

Binabati kita at natapos mo ang ating mga aralin tungkol PAGHAHANDA TUNGO SA KALAYAAN. Hangad ko ang iyong pagtatapos sa mga susunod pang mga gawain at pagsusulit.